

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inaaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang mga pagbabago sa mga bayarin ng user para makatulong sa mga residente, negosyo, at mga pangkat ng komunidad.

BRAMPTON, ON (Mayo 29, 2020) – Sa linggong ito, inaprubahan ng Lungsod ng Brampton ang mga pagbabago sa Ordinansa nito sa Bayarin ng User para makatulong sa pagbawas sa mga pinansyal na epekto ng COVID-19 sa komunidad.

Sa pagpupulong nito noong Miyerkules, inaprubahan ng Konseho ang malaking bilang ng 2020 mga bayarin ng user na ibalik sa 2019 rates sa mga bahagi ng Recreation, Performing Arts, Facility Services, Fire at Emergency Services, Legislative Services, pati na rin sa Parks at Forestry. Ang mga pagbabagong ito ay magsisimula sa Hulyo 1, 2020, at magbibigay ng tulong na hanggang \$1,021,000 hanggang sa dulo ng taon.

Committed ang Lungsod sa pagbibigay ng maramihang mga programa at serbisyo sa mga residente, na kapwa madaling makukuha at sulit sa pera. Ang mga bayad ng user ay makakatulong sa Lungsod na mabawi ang mga gastos habang binabawasan ang pasanin sa rate ng buwis sa ari-arian.

Ang mga pagbabagong ito ay agarang resulta ng feedback na natanggap sa pamamagitan ng nagpapatuloy na pakikilahok ng publiko sa pamamagitan ng Working Group ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon, na pinangunahan ni Rehiyonal na Konsehal Martin Medeiros. Hanggang ngayon, higit sa 3,900 indibidwal at pangkat ang nagbigay ng input sa pamamagitan ng [online survey](#) ng Lungsod at nagpapatuloy na mga pagpupulong ng stakeholder.

Ang online na Survey sa Pagbangon at Muling Pagbubukas ng Lungsod ay nananatiling bukas hanggang Hunyo 14, 2020, at iniimbitahan ang mga residente at mga negosyo na sabihin ang kanilang mga opinyon tungkol sa mga plano ng Lungsod sa muling pagbubukas nito sa kalaunan.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19.

Mga Quote

“Sa buong COVID-19, ipinagpatuloy ng ating Konseho ang aktibo nitong pagpapalahok sa lahat ng miyembro ng ating komunidad sa pamamagitan ng online at mga telephone town hall. Narinig natin mula sa sampuang libo-libong orihinal na pinagmulan ng impormasyon na ang COVID-19 ay nakapagbigay ng mabigat na pinansyal na pinsala at ang resulta ng linggong ito ay nagpapakita sa ating commitment sa pagsuporta sa ating pinagsamang pagbangon.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Mula sa paglulunsad ng Pangkat ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon, narinig natin sa ating mga residente, mga negosyo, at mga pangkat ng stakeholder kung ano ang pinakamahalaga habang pinaplano natin ang ating daan pasulong. Committed tayo sa paglikha ng plano na hinubog ng

ating komunidad at patuloy tayong makikinig sa makahulugang feedback dito at gagawa ng aksyon kaugnay rito.”

- Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4 ; Pinuno, Working Group ng Mayor sa Muling Pagbubukas at Pagbangon

“Habang pinaplano ng Lungsod ang payugto-yugtong pagbubukas nito, napakahalagang manatiling nakikilahok ang ating komunidad at patuloy na lumalahok sa mga mahalagang pag-uusap na ito. Hinihikayat ko ang lahat ng residente na sumali sa online survey na nagpapatuloy at tiyakin na ang susunod na mga hakbang ng Lungsod ay pinakamahusay na naglalarawan sa mga pangangailangan ng ating komunidad.”

- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca